**INTERNATIONAL NAPASA ( December 16, 2025 )**

## 1)IMPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa December 17 (Wednesday) ay magkakaroon ng libreng concert sa Hachimanyama no Youkan. Mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali ay magkakaroon ng ***"Christmas Concert"*** mula kay Chronos at Takagi Seiko San, at mula 2:00 ng hapon hanggang 3:00 ay magkakaroon naman ng musika na may pamagat na ***"Kira Kira Christmas".*** mula sa Doremi Music Bell.

Para sa mas detalyadong pangalan ng kanta at musikero ay makikita sa Web site ng Hiratsuka City Office. Ang kapasidad ng lugar ay hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa Telephone No. **0463-35-7114 ( 0463-35-7114).**

## 2)IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

魚 直売 会のお知らせ

Sa December 27 (Saturday) ay magkakaroon ng derektang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka City. Dito ay magbebenta rin ng mga lokal na gulay. Ang mga sariwang isda at Shonan Shirasu ay mag-uumpisa ng pagbebenta mula 10:00 ng umaga. At ito ay matatapos hanggang maubos ang mga paninda.

Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-21-0146 ( 0463-21-0146 ).**

## 3)IMPORMASYON UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Dahil magsasara ang lugar na bagsakan ng mga paninda, ang isinasagawang ***SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET*** tuwing ika-apat na linggo ay pansamantalang magha-holiday. Kapag nasiguro na ang lugar ng bagong pagdaraosan ay aming itatala sa Home Page ng Hiratsuka City. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa ***INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758).**

## 4)IMPORMASYON UKOL SA EXPIRATION DATE NG " MY NUMBER CARD "

マイナンバーカードの取得支援についてのおしらせ

Ang expiration date ng ***MY NUMBER CARD*** ay kapareho din ng expiration ng ***RESIDENCE CARD.*** Sa panahon ng pagre-renew ng inyong ***RESIDENCE CARD*** ay kinakailangan ring magpa-isyu ng bagong ***MY NUMBER CARD.*** Para sa iba pang detalye ay makipag-alam sa Hiratsuka City ***MY NUMBER CARD COUNTER*** Telephone No. **0463-**

**20-9123 (0463-20-9123).** Maaring humingi ng payo kung may gusto pang malaman.

## 5)INPORMASYON UKOL SA PAGBUBUKAS NG HIRATSUKA SEA TERRACE PARK

ひらつかシーテラス公園オープンのお知らせ

Sa Octoberune 31 ay magbubukas ang "***HIRATSUKA SEA TERRACE PARK"*** sa ***HIRATSUKA KAIGAN*** sa Ryujogaoka. Eto ay SeasidePark, kung saan mararamdaman ang kagandahan ng karagatan. Dito ay may malawak na damuhan, BBQ Restaurant at mayroon ding mga Restroom. Ang paradahan ng sasakyan dito ay ***¥ 100*** sa bawat 20 minuto, libre ang unang 30 minuto sa East Parking ng rotary at ang unang 20 minuto naman ay libre din sa West Parking ng rotary, subalit sa buwan ng Hulyo at Agosto ay nagkakahalaga ng ***¥ 300*** sa bawat 30 minuto. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa ***GREENERY AND WATERFRONT DIVISION (MIDORI KOEN ・MIZUBE KA)*** Telephone Number **0463-21-9852 (0463-21-9852).**

## 6)PAGKONSULTA UKOL SA IMMIGRATION CONTROL AT STATUS OF RESIDENCE

出入国管理と在留資格相談のお知らせ

Ang ***CULTURAL EXCHANGE SECTION*** ng Hiratsuka City ay tumatanggap ng konsultasyon ukol sa Immigration Control at Status of Residence para sa mga dayuhan tuwing ika-4 na Martes ng bawat buwan. Ang oras ay 9:00 hanggang 12:00 ng tanghali. Ang pagpapareserba hangga't maaga ay kinakailangan. Kung may katanungan ukol sa bagay na ito ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-25-2520 (0463-25-2520)**.